

Gabay sa Seguro sa Pagkawala ng Trabaho Unemployment Insurance Handbook

Ang programang Unemployment Insurance (UI), na pinangangasiwaan ng Hawaii Department of Labor and Industrial Relations, ay nagbibigay ng pansamantalang suportang pinansyal sa mga kwalipikadong manggagawa na nawalan ng trabaho na hindi nila pananagutan at nakakatugon sila sa mga pangangailangan ng batas.

Binabayaran ng employer ang lahat ng gastos sa UI sa pamamagitan ng buwis (payroll tax) o sa mga batayang nababayaran. Hindi nag-aambag sa programang UI ang mga manggagawa.

Ang Paghain ng Aplikasyon para sa Seguro sa Pagkawala ng Trabaho

Paano Ako Maghahain ng Aplikasyon?

- Para maghain ng bagong aplikasyon o muling i-activate ang hindi pa lumipas o expired na UI claim, pumunta sa: <http://uiclaims.hawaii.gov> at "Mag-login bilang Claimant."
- Kung ito ang unang paggamit mo sa website, kailangan mong gumawa ng personal account.
- May bisa ang iyong aplikasyon mula sa linggong isinampa imo ito - hindi mula nang nawalan ka ng trabaho.
- Kung wala kang access sa Internet o kailangan mo ng tulong, pumunta sa iyong lokal na tanggapan ng claims para gamitin ang mga computer kiosk o humingi ng tulong.
- Ang listahan ng iba't ibang mga opisina ay matatagpuan sa huling pahina ng handbook na ito.
- Pagkatapos mag-log in sa system, piliin ang "Mag-file ng Inisyal na Claim" para sa bagong aplikasyon o "Reactivation" para simulan muli ang hindi pa expired na claim para sa mga benepisyo.
- Mag-file mula 6:30 a.m. hanggang 11:00 p.m. (HST), Lunes hanggang Biyernes o sa pagitan ng 9:00 a.m. hanggang 11:00 p.m. (HST) sa katapusan ng linggo at pista opisyal.
- I-print ang pahina ng iyong kumpirmasyon at i-download ang mga naaangkop na form para ipadala sa kagawaran kung kinakailangan.
- Kung hindi isumite ang mga kinakailangang form, maaaring maapektuhan ang pagbabayad ng benepisyo sa UI.

Kung ikaw ay nasa ibang estado, Washington D.C., Puerto Rico, Virgin Islands, o Canada, ihain ang aplikasyon online sa <http://uiclaims.hawaii.gov>. **Huwag** maghain ng aplikasyon mula saanman.

Pagpapatunay ng Wastong Claim

Paano Ako Magiging Kwalipikado para sa Mga Benepisyo sa UI? Kailangan mo ng:

1. Mga sahod na binayaran para sa nakasegurong trabaho sa hindi bababa sa dalawang quarter ng kalendaryo sa iyong base period.
2. Mga sahod na binayaran para sa nakasegurong trabaho ng hindi bababa sa 26 na beses ng iyong lingguhang halagang benepisyo (WBA) sa iyong base period.

3. Mga sahod na binayaran na hindi bababa sa limang beses ng iyong WBA para sa trabaho sa panahon ng paunang claim.

TANDAAN: Maaari pagsamahin ang iyong mga sahod galing sa ibang estado (out-of-state) at mga sahod sa Hawaii para maging kuwalipikado para sa tamang pag-claim o para madagdagan ang halaga ng lingguhang benepisyo kung nagtrabaho ka sa ilang mga estado sa loob ng 18 buwan bago ang paghain ng iyong claim sa Hawaii.

Ano ang Aking Base Period?

Ang **base period** ay ang unang apat sa huling limang nakumpletong quarter ng kalendaryo mula sa petsa ng bisa ng iyong bagong aplikasyon para sa mga benepisyo. Sa ilang partikular na kundisyon, ang kahaliling base period na binubuo ng pinakahuling apat na natapos na quarter, ay maaaring gamitin. Para mahanap ang iyong base period:

Kasalukuyang Taon

Nakaraang Taon

Taon bago ang nakaraang taon

Kung ang petsa ng bisa ng iyong pagclaim ay nasa quarter na ito:	Lag Quarter		Ang iyong karaniwang base period ay:		
	5th Qtr	4th Qtr	3rd Qtr	2nd Qtr	1st Qtr
Enero Pebrero Marso	Oktubre Nobyembre Disyembre	Hulyo Agosto Setyembre	Abril Mayo Hunyo	Enero Pebrero Marso	Oktubre Nobyembre Disyembre
Abril Mayo Hunyo	Enero Pebrero Marso	Oktubre Nobyembre Disyembre	Hulyo Agosto Setyembre	Abril Mayo Hunyo	Enero Pebrero Marso
Hulyo Agosto Setyembre	Abril Mayo Hunyo	Enero Pebrero Marso	Oktubre Nobyembre Disyembre	Hulyo Agosto Setyembre	Abril Mayo Hunyo
Oktubre Nobyembre Disyembre	Hulyo Agosto Setyembre	Abril Mayo Hunyo	Enero Pebrero Marso	Oktubre Nobyembre Disyembre	Hulyo Agosto Setyembre

HALIMBAWA:

Epektibong na-file ang Claim sa UI: 4/6/2020

Base Period: 1/1/19 hanggang 12/31/19 (unang apat sa huling limang quarter)

Alternatibong Base Period: 4/1/19 hanggang 3/31/20 (huling apat na quarter)

Magkano ang Aking Matatanggap?

Makakatanggap ka ng form sa "Pagpapasiya sa Kawalan ng Trabaho ng Katayuan ng Nakaseguro" na may sumusunod na impormasyon:

- Mga sahod na binayaran ng bawat employer sa apat na quarters at ang kabuuang sahod na binayaran sa base period.
- **Taon ng iyong benepisyo** -- ang 52-linggo na panahon simula sa linggong inihain mo ang iyong paunang aplikasyon.
- Ang iyong **WBA** -- pinakamataas na quarter ng sahod sa iyong base period na hinati sa 21 basta't hindi ito lalampas sa maximum WBA para sa taon ng kalendaryo. Upang mahanap ang kasalukuyang maximum na WBA pumunta sa:
<https://labor.hawaii.gov/ui/tax-rate-schedule-and-weekly-benefit-amount/>.
- Ang maximum o **pinakamalaking halaga ng benepisyo (MBA)** -- kabuuang halaga ng mga benepisyo na maaari mong matanggap sa taon ng iyong benepisyo na katumbas ng 26 x WBA.



Kung nakatanggap ka ng di-wastong "Pagpapasiya ng Kawalan ng Trabaho sa Katayuan ng Naka-insured," maaari kang humiling ng muling pagsasaalang-alang sa pagpapasiya sa pamamagitan ng pagbibigay ng patunay ng mga kita o tingnan kung kwalipikado ka gamit ang alternatibong paraan ng base period.

Kwalipikado ba Ako para sa Mga Benepisyo sa UI?

Dapat mong matugunan ang mga sumusunod na kundisyon sa pagiging kwalipikado para mangolekta ng mga benepisyo ng UI:



1) Maging Ganap o Bahagyang Walang Trabaho. Dapat ay ganap kang hiwalay sa regular na trabaho o empleyado ka pa sa isang employer ngunit nagtatrabaho ka nang mas mababa sa full-time na oras at kumikita ng mas mababa kaysa sa iyong WBA. (Tingnan ang Partial/Part-Total Claims.)

2) Magsampa ng Aplikasyon para Patunayan ang Claim sa UI na epektibo sa linggo ng pag-file, hindi noong nawalan ka ng trabaho.

3) Magsampa ng Mga Sertipikasyon sa Claim sa lingguhan o ika-lawang linggong batayan para humiling ng pagbabayad ng mga benepisyo habang walang trabaho. (Tingnan ang Pag-file ng Lingguhan o ika-lawang linggong Mga Sertipikasyon ng Claim.)

4) Magrehistro para sa Trabaho sa State Workforce Development Division (WDD). Isumite o i-post online ang iyong resume sa HireNet Hawaii sa loob ng pitong araw pagkatapos mong isampa ang aplikasyon para sa benepisyo ng UI sa <http://www.hirenethawaii.com/>.

Ang mga opisina ng WDD ay nakalista sa <http://labor.hawaii.gov/wdd/>. Ang pagpaparehistro sa WDD para sa trabaho sa ay maaaring maurong (waived) para sa ilang miyembro ng unyon o kung ikaw ay bahagyang nawalan ng trabaho.

Dapat kumpletuhin ng iyong unyon ang Form UC-226, "Verification of Registration With A Referring Union" (Pagpapatunay ng Pagpaparehistro Gamit ang Isang Sumasanggunin Unyon) at dapat itong isumite sa iyong claims office. Hanapin ang Form UC-226 sa: <https://labor.hawaii.gov/ui/files/2017/01/UC-226-rev-11-15.pdf>

5) Makilahok sa Reemployment Services (Worker Profiling) kung napili ka at isangguni ng WDD o ibang service provider para sa oryentasyon, pagtatasa, paglalagay ng trabaho, o iba pang natutulad na mga serbisyo.

6) Maging Pisikal at May Kakayahang Magtrabaho. Kung nagkasakit/may kapansanan ka pagkatapos magsampa ng aplikasyon para sa mga benepisyo ng UI, maaaring mailapat ang medikal na waiver kung ang kondisyon mo ay sertipikado ng doktor at hindi ka tumanggi sa angkop na trabaho dahil sa iyong karamdaman/kapansanan.

Patuloy kang magsampa ng mga sertipikasyon sa claim at tanungin ang iyong lokal na tanggapan para sa higit pang impormasyon.

7) Maging Handang Humanap at Tumanggap ng Trabaho na makatwirang nababagay sa iyo sa pamamagitan ng pagsasanay o karanasan nang walang hindi nararapat na restriksyon. Gumawa ng tatlo o higit pang pakikipag-ugnayan (contact) sa paghahanap ng trabaho bawat linggo.

Panatilihin ang record ng lahat ng iyong mga contact sa paghahanap sa trabaho sa Form UC-253, "Record of Contacts Made for Work," at isumite kapag hiniling. Pumunta sa http://labor.hawaii.gov/ui/files/2012/12/UC-253_Record_of_Job_Contacts.pdf para i-download ang Form UC-253.

Dapat mong ipaalam sa iyong claims office ang anumang pagbabago sa iyong availability para sa trabaho tulad ng pagkawala ng pangangalaga sa bata, pag-aaral, paglalakbay, pagkakasakit, pagsasagawa ng self-employment, atbp.

Ang mga miyembrong nasa mabuting katayuan sa nagre-refer na unyon ay dapat nasa listahan (ng unyon) ng mga nawalan ng trabaho at sumusunod sa lahat ng mga kinakailangan sa pag-rereport ng unyon. Dapat mong ipaalam sa lokal na tanggapan ng claims kung:

- 1) tinatanggi mo ang mga referral sa trabaho,
- 2) hindi ka ire-refer ng unyon sa mga trabaho,

3) o binago mo ang iyong katayuan sa unyon kung saan maaaring kailanganin mong magparehistro para sa trabaho sa WDD (tingnan ang numero 4 sa itaas).

8) Nagsilbi ng Isang Linggo na Panahon ng Paghihintay na siyang unang kwalipikadong linggo sa iyong claim sa UI. Dapat kang nakapagsampa ng sertipikasyon sa claim para sa linggo ng panahon ng paghihintay kahit na walang benepisyong babayaran sa iyo.

9) Mag-report para sa Mga Kinakailangang Panayam -- Tumugon kaagad sa tuwing makikipag-ugnayan sa iyo ang departamento tungkol sa iyong paghahabol o ulat ayon sa naka-iskedyul ng UI o WDD.

Mga Panayam sa paghahanap ng katotohanan -- Hangga't maaari, ang impormasyon ay makukuha sa pamamagitan ng telepono para sa isang isyu tungkol sa iyong paghahabol. Kung ang isang mensahe sa telepono ay naiwan para sa iyo upang magbigay ng higit pang impormasyon sa isang isyu at hindi ka tumugon ayon sa itinuro, isang desisyon ang gagawin batay sa magagamit na impormasyon. Ang kabiguan mong tumugon ay maaaring makaapekto sa pagbabayad ng iyong mga benepisyo.

Eligibility Review Interview (ERI) [Panayam sa Pagsusuri ng Kwalipikasyon] o Reemployment Services and Eligibility Assessment (RESEA) [Mga Serbisyo para sa Pagkakaroon muli ng Trabaho at Pagtatasa sa Pagiging Kwalipikado] -- Ay panapanahong naka-schedule upang mapahusay ang mga pagsisikap sa paghahanap ng trabaho at suriin ang patuloy na pagiging karapat-dapat para sa trabaho.

Mga Pag-audit ng Quality Control -- Walang piling pagpili sa mga claim para sa masinsinang pagsusuri ng mga paghihiwalay sa trabaho, kasalukuyan at nakaraang katayuan sa pagiging karapat-dapat, mga sahod na ginamit upang itatag ang iyong paghahabol, at anumang mga pagpapasya na ginawa. Ang mga contact sa trabaho na nakalista sa iyong mga sertipikasyon sa pag-claim ay personal na mave-verify.

Mga diskwalipikasyon

Maaari kang madiskwalipika sa pagtanggap ng mga benepisyo ng UI para sa mga sumusunod na dahilan:

- 1) Kusang-loob na Pag-alis Nang Walang Mabuting Dahilan.** Kung aalis ka sa iyong trabaho, dapat mong ipakitana mayroon kang mapanghikayat na mga dahilan at sinubukan ang mga makatwirang alternatibo bago huminto.
- 2) Pagkakatiwalag o Pagkakasuspende para sa Maling Pag-uugali na Konektado sa Trabaho.** Kung ikaw ay tinanggal ng iyong employer, ang employer ay dapat magpakita ng katibayan ng maling pag-uugali na nauugnay sa trabaho.
- 3) Hindi Pagtanggap ng Naaangkop na Trabaho nang walang Mabuting Dahilan.** Kung tatanggihan mo angisang bona fide (tunay) na alok na trabaho ng angkop na trabaho, dapat mong ipakita na mayroon kang mapanghikayat na mga dahilan para gawin ito.
- 4) Hindi Makagagawa at/o Hindi Maaaring Makapag-trabaho.** Kung ikaw ay hindi pisikal na makapagtrabaho atang medikal na waiver ay hindi nalalapat o hindi magagamit para sa trabaho, ikaw ay hindi karapat-dapat namakatanggap ng mga benepisyo hanggang sa ang mga kundisyong ito ay hindi na umiiral. Kung ikaw ay naka-attach sa isang employer (partial o part-total na mga claim), maaari kang tanggihan sa mga benepisyo kung tatanggihan mong tanggapin ang lahat ng trabahong inaalok ng iyong employer o hiniling na pahinga.
- 5) Hindi pagkakaunawaan sa Paggawa.** Kung mayroong hindi pagkakaunawaan sa paggawa sa iyong lugar ng trabaho na direktang nakakaapekto sa iyo, ang pagbabayad ng mga benepisyo ng UI ay depende sa kung mayroong ebidensya ng pagtigil sa trabaho o wala.
- 6) Iba pang mga Benepisyo sa Pagkawala ng Trabaho.** Hindi ka maaaring mangolekta ng mga benepisyo ng UI nang sabay-sabay sa ilalim ng higit sa isang batas ng estado o pederal.
- 7) Pandaraya.** Ang sadyang paggawa ng mga maling pahayag o pag-alis ng mga materyal na katotohanan upang makakuha ng mga benepisyo ay maaaring magresulta sa dalawang taong diskwalipikasyon at pagbabayad nglahat ng labis na bayad na mga benepisyo sa UI at 15% na parusa. **Depende sa kabigatan ng pagkakasala, maaari kang sumailalim sa PAGLILITIS SA KASONG KRIMINAL. Kung napatunayang nagkasala, maaari kang magmula ng hanggang \$10,000 o makulong ng hanggang limang taon o pareho.**

Mga Karapatan sa Pag-apela

Kung ipinagkait sa iyo ang mga benepisyo at hindi ka sumasang-ayon sa "Abiso ng Desisyon sa Pag-aangkin sa Seguro sa Unemployment," maaari kang humiling ng muling pagsasaalang-alang at/o maghain ng apela sa Employment Security Appeals Referees' Office (ESARO) sa loob ng 10 araw sa kalendaryo pagkatapos ng pagpapasiya o muling pagpapasiya na ipinadala sa iyo. Ang panahon ng apela ay maaaring pahabain sa 30 araw sa kalendaryo para sa mabuting layunin ng ESARO.

Kung maghain ka ng apela o humiling ng muling pagsasaalang-alang, huwag tumigil sa paghahain ng iyong mga sertipikasyon sa pag-claim.

I-file ang iyong apela online sa <http://uicclaims.hawaii.gov> o direktang isumite ang iyong apela sa ESARO. Maaari mo ring gamitin ang form ng apela sa iyong lokal na tanggapan ng paghahabol o sumulat ng iyong sariling sulat upang isumite sa iyong lokal na tanggapan ng paghahabol. Maglakip ng kopya ng (mga) desisyon na hindi mo sinasang-ayunan.

Ang address para sa ESARO ay 830 Punchbowl Street, Room 429, Honolulu, HI 96813.

Paghain ng Lingguhan o Tuwing Ikalawang Linggong Claim Certification

Papaano Ako Maghahain ng Aking Lingguhan o Tuwing Ikalawang Linggong Claim Certification?

Ihain o i-file ang iyong lingguhan o tuwing ikalawang linggong mga claim certification ng online sa: <http://uiclaims.hawaii.gov/>. Kung wala kang koneksyon sa Internet, pumunta sa iyong lokal na tanggapan ng claims para gamitin ang mga computer kiosk o bisitahin ang anumang pampublikong aklatan at hilinging gamitin ang kanilang mga Internet computer para ma-access ang UI claims filing website.

Anong Mga Petsa ng Pagtatapos ng (mga) Linggo Ang aking I-file?

Maliban kung tinukoy, ang ibig sabihin ng "linggo" ay isang linggo sa kalendaryo na magsisimula sa Linggo at magtatapos sa Sabado. Ang isang linggong pag-claim ay tinutukoy ng petsa ng pagtatapos ng linggo o ng Sabado ng linggong iyon.

Kapag nakapag-file ka ng bagong claim o muling nag-activate ng hindi pa na-expire na claim, dapat kang mag-certify linggu-linggo o dalawang beses para humiling ng mga pagbabayad sa UI. Ang iyong pahina ng kumpirmasyon o kumpirmasyon sa e-mail ay magkakaroon ng isang link upang i-download ang iyong lingguhan/dalawang lingguhang schedule ng pag-file. Suriin ang feature na "Claim Inquiry" o "My Claim Status" para i-verify ang iyong naunang (mga) claim certification at kapag ang claim certification ay dapat nang bayaran. I-record ang iyong mga sertipikasyon sa paghahabol na isinampa at mga pagbabayad sa isang kalendaryo.

Tandaan: Kung huminto ka sa paghahain ng mga claim sa loob ng dalawa o higit pang magkakasunod na linggo, dapat mong i-activate muli ang iyong claim para ipagpatuloy ang paghahain (eksepsyon: partial na paghahabol). Tanging mga pag-claim lamang na isinampa pagkatapos ng muling pag-activate na maayos na naihain upang anumang mga nakaraang linggo ay maaaring tanggiin. (Tingnan ang *Karagdagang Pag-Claim o Muling Binuksan na Pag-Claim*.)

Kailan Ako Mag-file?

Para sa lingguhang pag-file, pinatutunayan mo para sa nakaraang Linggo hanggang Sabado. Ang pag-claim ay dapat ihain **sa loob ng pitong araw** mula sa katapusan ng panahon ng sertipikasyon o maaaring tanggiin ang mga benepisyo para sa pag-file ng huli.

Halimbawa A:

Nag-file ka para sa isang linggong panahon na magtatapos sa Sabado, 8/23 (nagsisimula ang linggo noong Linggo, 8/17). Mayroon kang pitong araw, 8/24 hanggang 8/30 (ipinapakita sa kulay abo) para sa napapanahong pagsasampa ng iyong sertipikasyon sa paghahabol.

Linggo	Lunes	Martes	Miyerk	Huwe	Biyern	Sabad
17	18	19	20	21	22	23
24	25	26	27	28	29	30

Kapag nag-file kada dalawang linggo, nagpapatunay ka para sa naunang dalawang linggo na nagsimula noong Linggo sa unang linggo at magtatapos sa Sabado sa ikalawang linggo. Ang pag-file ay dapat ihain **sa loob ng pitong araw** mula sa katapusan ng dalawang linggong panahon o ang mga benepisyo ay maaaring tanggiin para sa huli na pag-file.

Halimbawa B:

Nag-file ka para sa dalawang linggong panahon mula Linggo, 8/10 hanggang Sabado, 8/23. Mayroon kang pitong araw, 8/24 hanggang 8/30 (ipinapakita sa kulay abo) upang ihain ang iyong bi-weekly claim certification sa oras.

Linggo	Lunes	Martes	Miyerk	Huwe	Biyern	Sabad
10	11	12	13	14	15	16
17	18	19	20	21	22	23
24	25	26	27	28	29	30

MAHALAGA: Kapag nag-file ka para sa isang tuwing ikalawang linggong panahon, dapat kang mag-file para sa bawat linggo nang hiwalay. Dapat kang magsimula sa unang linggo, sagutin ang lahat ng tanong na nauugnay sa unang linggo, at isumite. Ipagpatuloy ang parehong proseso para sa ikalawang linggo. **Dapat kang mag-file para sa parehong unang linggo at ikalawang linggo upang mabayaran para sa dalawang linggo.**

Kailan Ko Maaasahan ang Aking Unang Check?

Maaari mong matanggap ang iyong unang check humigit-kumulang tatlong linggo pagkatapos mong ihain ang iyong bagong claim kung ang mga sertipikasyon ng pag-claim ay naihain nang napapanahon, lahat ng mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat ay natutugunan, at walang diskuwalipikasyon na umiiral. Kasalungat nito, ang anumang mga sitwasyon na magbubunga ng mga salungat sa batas ay mag-aantala ng pagbabayad habang nakabinbin ang pagsisiyasat sa paghahanap ng katotohanan. Kung ang iyong claim ay tinanggihan, hindi ka babayaran.

Linggo	Aksyon
1st na Linggo	Nai-file ang bagong aplikasyon sa pag-claim. walang kabayaran
2nd na Linggo	I-certify para sa unang linggo – ang panahong paghihintay. Walang mga benepisyonng babayaran para
3rd na Linggo	I-certify para sa ika-2 linggo. Kung walang mga isyu, tumanggap ng check para sa ikalawanglinggo.

Paano Kung UmalisAko sa Estado?

Kung lalabas ka sa estado para maghanap ng trabaho, maaari kang maghain ng courtesy claim certifications online sa <http://uicclaims.hawaii.gov> para sa dalawangmagkasunod na linggo. Kapag hiniling sa iyo ng online na sistema ng pag-file na ibahagi ang iyong lokasyon, tumugon kaagad dahil maaaring maantala o tanggiin ang mga benepisyo para sa hindi tamang pag-file. Ilipat ang iyong pag-claim kung ikaw ay permanenteng lilipat o mananatili ng higit sa dalawang linggo. (Tingnan ang Mga Pananagutang Benepisyo sa Interstate.)

TANDAAN: ang pag-file mula sa ibang bansa o pag-alis sa estado para sa iba pang personal na dahilan ay magdadagdag ng isyu na dapat imbestigahan.

Papaano kung Babalik Ako sa Trabaho?

Sa sandaling bumalik ka sa trabaho, I-report ang iyong trabaho, kasama ang mga oras na nagtrabaho at kabuuang kita para sa linggo (kahit na hindi pa nababayaran) sa iyong susunod na sertipikasyon sa pag-claim. Kung mas mababa ang kinikita mo kaysa sa iyong WBA sa linggong bumalik ka sa trabaho (sa kundisyon na hindi ka nagtrabaho nang full-time na oras), ang bayad sa UI ang magiging WBA mo na binawasan ang iyong kabuuang mga kita na higit sa \$150.

Magagawa ang isang pagpapasiya ng panloloko kung hindi ka mag-rereport ng mga kabuuang kita mula sa trabaho sa parehong linggo kung kailan mo kinokolekta ang mga benepisyo ng UI.

Karagdagang Claim o Muling Pagbukas ng Claim

Kung huminto ka sa pag-file ng mga sertipikasyon ng pag-claim dahil bumalik ka sa trabaho at nahiwalay sa loob ng iyong hindi pa natatapos na taon ng benepisyo, maghain ng karagdagang pag-claim upang muling mapagtibay ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo. Dapat ka ring maghain ng karagdagang pag-claim kung mayroon kang partial o part-total na pag-claim at nahiwalay sa employer na iyon. **Muling buksan** ang iyong pag-claim kung huminto ka sa paghahain ng mga sertipikasyon ng pag-claim sa loob ng dalawa o higit pang magkakasunod na linggo para sa mga dahilan maliban sa trabaho. Upang mag-file ng karagdagang o muling buksan ang isang claim, pumunta sa <http://uicclaims.hawaii.gov> at mag-login bilang isang claimant. Piliin ang "I-reactivate ang Claim" mula sa menu o listahan ng task. Ang isang karagdagan o muling binuksan na pag-claim ay muling pag-activate mula sa linggo kung kailan ito isinampa, at anumang mga linggong isinampa bago ang muling pag-activate ay maaaring tanggiin.

Mga Partial o Bahagyang Claim

Kung empleyado ka pa sa iyong regularna employer, nagtrabaho ka nang mas mababa kaysa sa iyong full-timena oras, at kumita ka ng mas mababa kaysa sa halaga ng iyong lingguhang benepisyo sa loob ng isang linggo, maaari kang maging karapat-dapat para sa partial benefits o mga bahagyang benepisyo sa kawalan ng trabaho.

Pagkatapos i-file ang iyong aplikasyon, ipapadala ang Form UC-348, "Verification of Partial Unemployment Status" sa iyong employer. Dapat i-verify ng employer na mayroon kang isang tiyak na petsa ng pagbabalik sa trabaho, pinapanatili ang iyong plano sa segurong medikal o mga kredito sa bakasyon/bakasyon dahil sa sakit o ikaw ay naka-schedule na magtrabaho nang mas kauntingoras bawat linggo dahil sa kakulangan ng full time na trabahoupang maging kuwalipikado para sa partial unemployment status. Kung ang iyong employer ay hindi tumugon sa loob ng 5 araw ng trabaho o hindi nakumpirma ang iyong bahagyang katayuan sa kawalan ng trabaho, kakailanganin mong baguhin ang iyong estado, magparehistro para sa trabaho at magsimulang makipag-ugnayan sa paghahanap ng trabaho.

Dapat mong tanggapin ang lahat ng trabahong inaalok ng employer at ihain online ang iyong lingguhang mga sertipikasyon sa pag-claim, para sa mga panahon na walang trabaho mas mababa sa full-timena trabaho. Bilangkaragdagan sa pag-file ng lingguhang mga sertipikasyon sa pag-claim, dapat iulat ng iyong employer ang iyong mga oras at kita, estado sa pagtatrabaho, at kakayahang magamit para sa trabahong inaalok sa pamamagitan ng pagpunta online sa <http://uicclaims.hawaii.gov>.

Part-total na Pag-Claim

Kung nagtatrabaho ka nang on-call, part-time o patigil-tigil habang naghahanap ng full-time na trabaho, maaari kang maging karapat-dapat para sa part-total na mga benepisyo sa kawalan ng trabaho. Dapat nakarehistro ka para sa trabaho (WDD o isang nagre-refer na unyon), magagawaat available para sa trabaho, at gumawa ng mga contactsa paghahanap ng trabaho para sa bawat linggo na mag-claim ka ng mga benepisyo.

Nag-file ka ng mga sertipikasyon ng pag-claim sa lingguhan at/o dalawang linggongbatayan na dapat bayaran sa loob ng pitong araw sa kalendaryo (tingnan ang Paghahain ng Lingguhan o Ikalawang Linggong Sertipikasyon sa Pag- Claim). Dapat mong i-report ang iyong mga oras at kabuuang kita para sa bawat linggong I-claim mo ang mga benepisyo kahit na hindika pa nababayaran. Bilang karagdagan sa pag-file ng iyong mga sertipikasyon sa pag-claim, dapat i-reort ng iyong employer ang iyong mga oras at kita, katayuan sa pagtatrabaho, at pagiging available para sa trabaho bawat linggo sa pamamagitan ng pagpunta online sa <http://uicclaims.hawaii.gov>.

Pagbabayad ng mga Benepisyo

Ang Mga Kita ba sa Trabaho ay Ibinabawas sa Aking Mga Benepisyo sa UI?

Oo. Ang kabuuang kita (bago ang mga pag-bubuwis) mula sa lahat ng trabaho, kabilang ang part-time, patigil-tigil, o on-call **na hindi lalampas** sa iyong UI WBA ay mababawas sa iyong mga benepisyo sa UI. Ikaw at ang iyong employer ay may pananagutan sa wastong pag-uulat ng iyong kabuuang mga kita para sa bawat linggo na iyong pinapatunayan para sa mga benepisyo kahit na hindi ka pa nababayaran. Ang unang \$150 na sahod ay binabalewala at hindi makakaapekto sa iyong pagbabayad sa UI.

Halimbawa A: UI WBA = \$400. Mga kabuuang kita para sa linggo = \$250. \$100 lang ang ibabawas mula sa \$400 (\$250 - \$150 na kita na balewala = \$100).

Ang iyong pagbabayad sa benepisyo sa UI = \$300 na benepisyo + \$250 na kita = kabuuang lingguhang kita na \$550.

Halimbawa B: UI WBA = \$400. Mga kita mula sa pagtatrabaho ng 25 oras para sa linggo = \$450. Dahil ang iyong mga kita ay lumampas sa UI WBA, ikaw ay itinuturing na hindi walang trabaho at hindi karapat-dapat para sa mga benepisyo ng UI.

Binubuwisan ba ang Mga Benepisyong UI?

Oo. Maaari mong piliing i-withhold ang 10% para sa mga federal na buwis at 5% para sa mga buwis ng estado ng Hawaii mula sa iyong mga benepisyo sa UI. Upang humiling ng mga withholding ng mga buwis sa Pederal at/o Estado, pumunta sa: <http://uicclaims.hawaii.gov>. Mag-login sa iyong online na account at sa ilalim ng "Aking Account" mag-click sa "Mga Pag-withhold ng Buwis" at sundin ang mga prompt.

Ang Form 1099-G ay ipinapadala sa koreo tuwing Enero na nagpapakita ng kabuuang mga benepisyong binayaran at anumang mga buwis sa kita ng pederal o estado na pinigil sa nakaraang taon ng kalendaryo. Gayundin, dahil walang mga pagsasaayos na ginawa para sa mga pagbabayad ng sobrang bayad na mga benepisyo, kailangan mong itago ang iyong mga resibo ng pagbabayad para sa iyong mga tax return. Gumawa ng anumang (mga) pagbabago ng address sa iyong UI online na account upang matanggap ang iyong Form 1099-G.

Maaari bang Ibawas ang Suporta sa Kabataan Mula sa UI?

Oo. Ang Child Support Enforcement Agency (CSEA) ay nagpapatupad ng mga obligasyon sa suporta sa kabataan at maaaring mahadlangan ang mga benepisyo ng UI. Ang halagang ibinawas ay batay sa isang order o mga order para sa paghadlang ng kinita. Ang mga pagbabawas ay maaaring limitado sa pinakamataas na pinapayagan sa ilalim ng pederal na batas.

Para sa mga tanong tungkol sa pagbabayad ng suporta sa bata, tawagan ang CSEA:

Oahu692-8265

Neighbor Island at Out-of-State(toll-free) 1-888-317-9081

Pananagutan ng Benepisyong Interstate

Maaaring bayaran ng Hawaii ang iyong mga benepisyo sa UI kahit na lumipat ka sa ibang estado (kabilang ang Puerto Rico, Canada, Virgin Islands, o Washington D.C.). Ang mga kinakailangan at pananagutan ng ayon sa batas ay nalalapat din sa parehong nasa estado at nasa labas ng estado na nag-claim. Upang mag-apply online, pumunta sa <http://uiclaims.hawaii.gov> at mag-login bilang claimant. Para sa mga bagong claim, piliin ang "Mag-file ng Initial Claim" mula sa menu o listahan ng gawain. Kung mayroon kang umiiral na claim sa Hawaii bago lumipat, I-report muna ang pagbabago ng iyong address sa pamamagitan ng pagpili sa pagbabago ng address mula sa menu. Pagkatapos ay bumalik sa main menu at piliin ang muling pagsasaaktibo at kumpletuhin ang proseso. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong pag-claim sa pagitan ng estado, makipag-ugnayan sa Hawaii Liable Interstate Unit sa (808) 586-8970 o mag-e-mail sadlir.ui.honolulu@hawaii.gov.

Pederal na Mga Benepisyo sa Kawalan ng Trabaho

Kabayaran sa Nawalan ng Trabaho para sa mga Pederal na mga Empleyado (UCFE). Ang mga sibilyang empleyado para sa pederal na pamahalaan ay ibabatay ang kanilang claim sa UI sa mga pederal na sahod gaya ng iniulat sa **Standard Form (SF) 8** at **SF 50**. Sa pangkalahatan, tinutukoy ng lokasyon ng iyong huling istasyon ng tungkulin sa pederal na serbisyong sibilyan ang mga kinakailangan ayon sa batas ng pag-claim. Para mag-apply online pumunta sa <http://uiclaims.hawaii.gov> at mag-login bilang claimant.

Kabayaran sa Nawalan ng Trabaho para sa mga miyembro ng Ex-Service (UCX). Ang mga pag-claim para sa mga dating miyembro ng serbisyong militar ay nakasalalay sa katangian ng serbisyo at pagkumpleto ng unang buong termino ng serbisyo. Kung nagbitiw ka bago kumpletuhin ang iyong unang buong termino ng aktibong serbisyo, maaari ka pa ring maging karapat-dapat kung ang salaysay na dahilan ng pagbibitiw ay nasa katanggap-tanggap na listahang ibinigay ng U.S. Department of Defense (DOD). Epektibo 11/17/91, ang aktibong tungkulin para sa tuluy-tuloy na panahon ng 90 araw ohigit pa sa isang reserbang katayuan ay magagamit para sa mga layunin ng UCX.

Gayunpaman, dinagdagan ng National Defense Authorization Act (NDAA) para sa Taon ng Piskal 2016 ang kinakailangan sa 180-araw na tuluy-tuloy na serbisyo para sa mga indibidwal na nagsimulang maglingkod noong o pagkatapos ng Nobyembre 25, 2015. Bilangdating miyembro ng serbisyo, maaari kang maghain ng iyong claim sa anumang estado (kabilang ang Puerto Rico, Canada, Virgin Islands, o Washington D.C.). Ang iyong estado ng paninirahan kapag nag-file ka ng iyong paunang pag-claim ay hindi ang iyong istasyon ng tungkulin ang tumutukoy kung aling estado ang nagbabayad ng iyong mga benepisyosa UI.

Kapag nag-file ka ng iyong inisyal na aplikasyon sa pag-claim online, dapat mong isumite ang iyong **Miyembro 4, Form DD-214 na Ulat ng Paglipat o Paglabas**, sa iyong lokal na tanggapan ng pag-claim. Kung wala kang kopya ng iyong Form DD-214, humiling ng kopya online sa www.archives.gov/veterans/military-service-records/.

Diskriminasyon

Ang UI Division ay nakatuon sa patas at pantay na pagtrato sa lahat ng indibidwal nang walang pagsasaalang-alang sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, oryentasyong sekswal, edad, bansang pinagmulan, ninuno, kapansanan, katayuan sa pag-aasawa, o record ng pag-aresto/hukuman. Kung sa palagay mo ay hindi ka pinakikitunguhan nang patas sa proseso ng UI, makipag-ugnayan sa tagapamahala ng lokal na tanggapan ng claims. Kung sa tingin mo ay dahil sa diskriminasyon ang iyong pagkakatiwalag sa trabaho, maaari kang magsampa ng reklamo sa Hawaii Civil Rights Commission (HCRC) bilang karagdagan sa paghahain ng iyong pag-claim sa UI. ara sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa HCRC, pumunta sa <http://labor.hawaii.gov/hcrc/contact/>.

Mga Tanggapan ng Mga Claim sa Seguro para sa Kawalan ng Trabaho

<http://labor.hawaii.gov/ui>

Honolulu Claims Office

830 Punchbowl Street, Room 110
Honolulu, HI 96813-5080

Hilo Claims Office

1990 Kinoole Street, Suite 101
Hilo, HI 96720-5293

Kona Claims Office

81-990 Halekii Street, Room 2087
Kealahou, HI 96750-0167

Maui Claims Office

54 South High Street, Room 201
Wailuku, HI 96793-2198

Kauai Claims Office

4370 Kukui Grove Street, Suite 3-214
Lihue, HI 96766

Liable Interstate Unit

830 Punchbowl Street, Room 110
Honolulu, HI 96813-5080

Employment Security Appeals Referees' Office

830 Punchbowl Street, Room 429 Honolulu, HI 96813-5080
Tel: (808) 586-8930
Fax: (808) 586-8944
E-mail: dlir.esaro@hawaii.gov

American Job Center Locations

American Job Center – Oahu

Dole Cannery Complex
680 Iwilei Road, Suite 700, Honolulu, HI 96817

[Mapa/Mga direksyon](#)

Tel: (808) 768-5701

[Website](#)

American Job Center – Maui

110 Ala'ihi Street, Suite 209, Kahului, HI 96732

[Mapa/Mga direksyon](#)

Ph: (808) 270-5777

[Website](#)

American Job Center – Hawaii Island

Hilo

427 Kilauea Avenue , Hilo, HI 96720

[Mapa/Mga direksyon](#)

Tel: (808) 935-6527

[Website](#)

American Job Center – Kauai

Lihue

4444 Rice St. #302, Lihue, HI 96766

[Mapa/Mga direksyon](#)

Tel: (808) 274-3056

Fax: (808) 274-3059

ENGLISH: Important! This document has important information about your unemployment compensation rights, responsibilities, and/or benefits. It is essential that you understand the information in this document. **If you need help (free of charge) in understanding this document in your language**, please call (808) 762-5752 or (833) 901-2272; or go to [\[https://labor.hawaii.gov/ui\]](https://labor.hawaii.gov/ui). You can also contact the local offices listed below for assistance.

CHINESE (Simplified): 重要! 本文件包含有关您的失业补偿权利、责任和/或福利的重要信息。理解本文档中的信息非常关键。如果您需要帮助（免费）以您的语言理解本文档，请致电 (808) 762-5752 或 (833) 901-2272；或前往 [\[https://labor.hawaii.gov/ui/lep-chi\]](https://labor.hawaii.gov/ui/lep-chi)。您也可以联系下列当地办事处寻求帮助。

JAPANESE: 重要! この文書には、失業補償の権利、責任、および/または給付に関する重要な情報が含まれています。この文書の情報をしっかり理解することが大事です。この文書を理解する上で、あなたの言語で無料サービスを必要とされる場合は、762-5752または(833) 901-2272までお電話ください。または [\[https://labor.hawaii.gov/ui/lep-jpn\]](https://labor.hawaii.gov/ui/lep-jpn) にアクセスして下さい。下記の地域事務所も支援を受け付けておりますので、お問い合わせください

TAGALOG: Mahalaga! May mahalagang impormasyon ang (mga) dokumentong ito tungkol sa iyong mga karapatan sa kompensasyon sa kawalan ng trabaho, mga responsibilidad, at/o mga benepisyo. Mahalagang maintindihan mo ang impormasyon sa dokumentong ito. **Kung kailangan mo ng (libreng) tulong para maintindihan ang dokumentong ito sa iyong wika**, tumawag sa (808) 762-5752 o (833) 901-2272; o pumunta sa [\[https://labor.hawaii.gov/ui/lep-tag\]](https://labor.hawaii.gov/ui/lep-tag). Maaari ka ring makipag-ugnayan sa mga lokal na tanggapan na nakalista sa ibaba para sa tulong.

ILOCANO: Nasken! Addaan nasken a damag daytoy nga dokumento maipanggep dagiti rebbeng a bayad para iti pannakaawan iti trabaho, responsibilidad, ken/wenno pagimbagan. Nasken a maawatam iti damag ditoy a dokumento. **No masapolmo iti (libre a) tulong tapno maawatam daytoy a dokumento iti lengguahem**, awagam iti (808) 762-5752 wenno (833) 901-2272; wenno mapan iti [\[https://labor.hawaii.gov/ui/lep-ilo\]](https://labor.hawaii.gov/ui/lep-ilo). Mabalinmo pay a sarungkaran dagiti lokal nga opisina a nailista iti baba para iti tulong.

KOREAN: 중요! 본 문서(들)는 실업 보상 권리, 책임 및/또는 혜택에 관한 중요한 정보를 포함하고있습니다. 이 문서에 포함된 정보를 이해하는 것이 중요합니다. 문서를 모국어로 이해할 수 있도록 도움(무료)이 필요하시다면, (808) 762-5752 또는 (833) 901-2272 로 연락해주시시오; 또는 [\[https://labor.hawaii.gov/ui/lep-kor\]](https://labor.hawaii.gov/ui/lep-kor) 으로이동합니다.또한 아래의 현지 사무소에 연락해 도움을 받을 수 있습니다.

VIETNAMESE: Quan trọng! (Các) tài liệu này chứa thông tin quan trọng về quyền được bồi thường thất nghiệp, trách nhiệm và / hoặc quyền lợi của bạn. Điều quan trọng là bạn phải hiểu thông tin trong tài liệu này. **Nếu bạn cần trợ giúp (miễn phí) để hiểu tài liệu này bằng ngôn ngữ của bạn**, vui lòng gọi (808) 762-5752 hoặc (833) 901-2272; hoặc truy cập [\[https://labor.hawaii.gov/ui/lep-vie\]](https://labor.hawaii.gov/ui/lep-vie). Quý vị cũng có thể liên lạc với các văn phòng địa phương được liệt kê dưới đây để được trợ giúp.

SPANISH: ¡Importante! Este(s) documento(s) contiene(n) información importante sobre sus derechos, responsabilidades y/o beneficios de compensación por desempleo. Es fundamental que comprenda la información de este documento. **Si necesita ayuda (sin cargo) para comprender este documento en su idioma**, llame al (808) 762-5752 o (833) 901-2272; o vaya a [\[https://labor.hawaii.gov/ui/lep-spa\]](https://labor.hawaii.gov/ui/lep-spa). También puede ponerse en contacto con las oficinas locales que se indican a continuación para obtener ayuda.

CHUUKES: **Auchea!** Ei taropwe a kan wor poraus auchea non usun eomuwe pung ren momon ese wor angang kena, met kopwe fofori, me/ika aninis kena. Mi fakkun namoteoch pwe en kopwe weweiti ewe poraus non ei taropwe. **Ika pwe en ka kan mochen aninis (ese wor momon) non weweitin ei taropwe non fosun fonuwom**, kose mochen korikich non (808) 762-5752 ika (833) 901-2272; ika kopwe ne no ngeni [<https://labor.hawaii.gov/ui/lep-chk>]. En kopwe kan pwan tongeni kori ewe ofes non nenieom mi maaketiw me fan ren aninis.

MARSHALLESE: **Aurok!** Ewōr melele aurok ilo peba in/kein kin maron, eddo, im/ak jibañ ko am ikijen kolla eo an bōjrak jerbal. Aurok am melele naan ko kobban peba in. **Ñe kwōj aikuj jibañ (ejellok wonnen) ñan am melele naan ko kobban peba kein ilo kajin eo am**, jouj im kall ae tōk kim ilo (808) 762-5752 ak (833) 901-2272; ak lojok [<https://labor.hawaii.gov/ui/lep-mah>]. Kwōmaron bar kebaak opij ko ilo jukjukinbed eo im emōj laajrak ijin lal ñan aer jibañ kwe.

UNEMPLOYMENT INSURANCE CLAIMS OFFICES

UI Claims Offices	Address
Oahu Claims Office	830 Punchbowl Street, Room 110 Honolulu, HI 96813-5080
Hilo Claims Office	1990 Kinoole Street, Room 101 Hilo, HI 96720-5293
Kona Claims Office	Ashikawa Building, 81-990 Halekii Street, Room 2087 Kealekekua, HI 96750-0167
Maui Claims Office	54 South High Street, Room 201 Wailuku, HI 96793-2198
Kauai Claims Office	4370 Kukui Grove Street, Suite 3-214 Lihue, HI 96766-2001
Liable Interstate Unit	Liable Interstate Unit 830 Punchbowl Street, Room 110 Honolulu, HI 96813-5080